Employment Standards Branch

FACTSHEET

Ang factsheet na ito ay inihanda para magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento.
Mangyaring tingnan ang Employment Standards Act and Regulation para sa mga layunin ng pagpapakahulugan at pagpapairal ng batas.

July 2016

Domestics

Ang mga domestic ay sakop ng *Employment Standards Act* and Regulation. Kabilang sa probisyon na ito ang bayad sa overtime, mga piyesta opisyal at bayad sa piyesta opisyal, taunang bakasyon at bayad sa bakasyon at minimum na suweldo.

Ang ibig sabihin ng Domestic

Ang domestic ay isang taong:

- nagtratrabaho sa pribadong tahanan ng tagapag-empleyo upang magluto, maglinis, mag-alaga ng bata, o gumawa ng iba pang itinakdang serbisyo, at
- naninirahan sa pribadong tahanan ng tagapag-empleyo.

Kinakailangan ang Nakasulat na Kasunduan

Dapat may nakasulat na kasunduan ng trabaho ang domestic at tagapag-empleyo sa isa't-isa.
Ang mga tungkulin, mga oras ng trabaho, mga suweldo, at mga singil para sa kuwarto at pagkain ay dapat nakatakda sa kasunduan. Dapat bigyan ng tagapag-empleyo ang domestic ng isang kopya ng kasunduang ito.

Kung ang domestic ay nagtratrabaho ng higit pa sa mga oras na itinakda sa kasunduan ng trabaho, dapat bayaran ang domestic ng extra para sa mga oras na iyon. Kung ang pagtratrabaho ng karagdagang oras ay nangangahulugang ang domestic ay magtratrabaho ng mahigit sa walong oras bawat araw o 40 oras bawat linggo, ang karagdagang bayad ay dapat bayaran sa overtime rates.

Ang maximum na mga singil para sa kuwarto at pagkain ay itinakda ng Regulasyon. Ang mga singil na ito ay hindi dapat lalampas ng $325 bawat buwan.

Rehistrasyon ng mga Domestic

Dapat sabihin ng tagapag-empleyo ng domestic sa Employment Standards Branch ang pangalan, address, at telepono ng tagapag-empleyo at ng domestic. Ito'y dapat gawin sa loob ng 30 araw ng pagsimula ng domestic sa trabaho.

Bawat anim na buwan, dapat sabihin ng tagapag-empleyo sa Branch ang anumang mga pagbabago sa impormasyon na ito. Ang paunawang ito ay maaaring irehistro sa anumang opisina ng Employment Standards Branch.

Kung inilagay ng isang employment agency ang isang domestic sa isang tagapag-empleyo, dapat sabihin ng employment agency sa tagapag-empleyo ang obligasyon na irehistro ang domestic sa Employment Standards Branch.

May karagdagang impormasyon tungkol sa pagtratrabaho ng domestic workers sa:
www.gov.bc.ca/EmploymentStandards